**Pamagat**: Ang Kawalan ng Pananampalataya

**Texto**: Hebrews 3:12 "Take heed, brethren, lest there be in any of you an evil heart of unbelief, in departing from the living God."

*Pagsasalin*: Magsipagingat kayo, mga kapatid, baka sakaling mayroon sa kanino man sa inyo ng isang pusong masama na walang pananampalataya, na naghihiwalay sa inyo sa Dios na buhay:

**Panimula**:

1. Paano ba kung ang pananampalataya ko o paniniwala ko sa Dios ay kalahati lamang, o kulang, o hindi buo o lubos? Paano naman kung hindi ako maka-paniwala sa Panginoon. [isang pusong masama na walang pananampalataya]
2. Ito ay dapat na suriin at pag-aralan; suriin ng maayos.
3. Baka isispin mo na itong mga salita ay masakit, pero ito ay patungkol sa Dios, ating Manlilikha, hindi lamang ito patungkol sa tao, ito ay patungkol sa Makapangyarihang Dios.
4. Marami rin ang mga nagsasabi, hindi ko kasalanan ito kasi hindi ko nauunawaan ang patungkol sa Dios. Pero ang turo ng Biblia ay ang kawalan ng pananampalataya ay hindi dulot ng kawalan ng malay, o aksidente lamang o kamangmangan. Ito ay dulot ng mga bagay sa ating sa loobin na ayaw kumilala sa awtoridad ng Panginoon, ayaw magpasakop sa Dios. Ito ay hindi patungkol sa ulo at impormasyon, ito ay patungkol sa puso (sa kalooban).

## I. Ang Trahedya ng Kawalan ng Pananampalataya

A. (v.13) "…madaya ng kasalanan na nagpapatigas sa puso n'yo." – ang katigasan o kalyo ng puso ay makakalungkot. Halos walang nararamdaman ang puso tungkol sa Dios, sa kasalanan, sa kalagayan ng kaluluwa. Wala rin konsensya sa ginagawang mali.

B. Ito ay Sistema na dulot ng "daya ng kasalanan." (ang kaluluwa ay naghihirap sa katigasan ng puso). At ang katigasan ay sumusulong, at ikaw ay na bitag sa proseso.

C. Ang kasalanan ay mapalinlang. Habang tayo ay nagkakasala, akala natin na okay tayo, at wala naman masasama ang mga nangyayari, at hindi naman ako masisisihan kasi na kaugalian ko na ito. Akala ko malaya ako, yun pala ako ay unti-unting nagiging biktima ng sarili kong kasalanan.

D. Bakit ganito ang kalagayan ng marami? O ito ang kalagayan ng hindi ligtas?

E. Dahil hindi ka tumitingin sa itaas, o hindi mo binibigyan pansin ang Panginoon! Tila lahat ng sagot ay na sa mundong ito, o na sa lupa. Itong buhay na ito, salapi, at materiales, ay ang kabuuan ng lahat. Kapangyarihan, kakayahan, kadakilaan, ito ang kabuuan ng buhay.

## II. Ang Lunas sa Kawalan ng Pananampalataya

A. Surrin ang iyong sarili. Hindi ka hayop na nag-evolve lamang. Nilikha ka ng Dios sa larawan at wangis ng Dios. Dakila ang potensyal mo bilang tao na ikaw ay maaring makisama sa Dios, kausapin ang Dios at tumuloy sa loob ng presensya ng Dios.

B. Nilikha ka ng Dios para sa Kanya, pero nabubuhay ka para sa mundong ito.

C. Nilikha ka para sa kawalang hanggan, pero naliligalig ka sa pansamantala at pumapanaw na oras.

D. Nilikha ka para pag-samba at pag-silbi sa Dios, pero sarili mo ang pinagsisilbihan mo.

E. Aminin mo na mayroong malaking agwat sa gitna ng relasyon mo sa Dios. Siya ay banal, at ikaw ay makasalanan.

F. Kilalanin mo si Jesus. Siya ang Dios na nagkatawang tao, ikalawang persona ng Kadiosan. Siya ay namatay, inilibing, at muling nabuhay ayon sa Banal na Kasulatan upang ihandog sa iyo ang kapatawaran ng iyong mga kasalanan.

G. Ang magandang balita ay handa ang Dios na magpatawad. Sa oras na ikaw ay magsisi, sa oras na matunaw ang tigas ng puso, at tanggihan mo ang kasinungalingan ng kasalanan, ay mapapasaiyo ang kapayapaan, at katiyakan ng buhay walang hanggan alang-alang kay Jesus.